5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5

Kuwarter 2

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Kalinangang Bayan tungkol sa Arkitektura**
**Kuwarter 2: Aralin 4 Linggo 4**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Ever Bryan A. De Asis

Canumay East Elementary School, SDO-Valenzuela

Tagasuri: Marivic M. Pimentel, Ph.D.

Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

**Management Team**

…

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 2, ARALIN 2, LINGGO 2 / BAITANG 5**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Natatalakay ang konsepto ng bahay-kubo bilang batayan ng Arkitekturang Pilipino**<br>**1.** Naiisa-isa ang mga sinaunang tirahang Pilipino.<br>**2.** Natutukoy ang katangian ng isang bahay-kubo.<br>**3.** Napahahalagahan ang papel na ginampanan ng bahay-kubo bilang batayan ng sinaunang arkitekturang Pilipino.<br><br>**Napapahalagahan ang kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas**<br>**1.** Naibibigay ang kahulugan ng kalinangang bayan.<br>**2.** Nasusuri ang mga konseptong napapaloob sa kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas<br>**3.** Nakagagawa ng mga aktibidad bilang pagpapahalaga sa kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas. |
| **D. Nilalaman** | Kalinangang Bayan tungkol sa Arkitektura |
| **E. Integrasyon** | Industry, Innovation and Infrastructure<br>Cultural Literacy<br>Cultural Diversity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Antonio, E.D., Banlaygas, E.L. & Dallo, E.M. (2017). *Kayamanan 5.* Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Printing Company,


Inc.


Gabuat, M. A. P., Mercado, M. M., Jose, M. D. dL., (2016). *Araling Panlipunan 5 Pilipinas Bilang Isang Bansa.* FEP Printing Corporation.

Fabian, E.B., (2019). *Lahing Kayumanggi 4.* The Library Publishing House Inc.


Link:
https://www.studypool.com/documents/4934764/filipinolohiya
https://brainly.ph/question/8325713
https://tl.wikipedia.org/wiki/Kultura_ng_Pilipinas
https://images.app.goo.gl/yUVf133YKMc8ohwR6
https://flic.kr/p/4jUPwb
https://www.elaput.org/tabn01.htm7
https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/a/a1/Negrito_people_in_a_lean-to_shelter._Image_from_page_94_of_%22The_Philippine_Islands%22_%281899%29.jpg
https://www.collegesidekick.com/study-docs/1723559
https://brainly.ph/question/8325713
https://www.studypool.com/documents/4934764/filipinolohiya

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (Mind & Mood)</td><td>Unang Araw<br>1. Maikling Balik-aral.<br>Gawain 1. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang mula sa mga katanungan sa ibaba.<br>_______ 1. Ito ang tawag sa isang uri ng pulseras na isinusuot sa braso at binti.<br>a. gambanes b. pintados c. pomaras d. pusad<br>_______ 2. Isang maluwag na palda na isinusuot ng kababaihan bilang pang-ibabang kasuotan<br>a. baro b. gambanes c. saya d. tapis<br><br>_______ 3. Bansag ng mga Espanyol sa isang katutubong puno ng mga tato sa katawan.<br>a. gambanes b. pintados c. pomaras d. pusad</td><td>Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang gawain upang mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng aralin.<br><br>Susi sa pagwawasto:<br>Gawain 1:<br>1. a. gambanes<br>2. c. saya<br>3. b. pintados<br>4. d. pula</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | _______ 4. Ang kulay ng kanggan ng datu kung saan nagiging batayan sa katayuan sa lipunang nasasakupan nito.<br>a. berde b. bughaw c. itim o asul d. pula<br><br>_______ 5. Tumutukoy sa sinaunang damit pantaas ng mga kalalakihan.<br>a. bahag b. kangan c. patadyong d. putong<br><br>**Gawain 2. PUNAN MO AKO (#Suriin at Kumpletuhin ang ngalan ng mga Kasuotan)**<br>Panuto: Punan ang mga kahon ayon sa hinihinging katawagan para sa kasuotan ng mga sinaunang kababaihan at kalalakihan.<br><br> | 5. b. kangan<br><br>Gawain 2:<br>1. Putong<br>2. Kangan<br>3. Bahag<br>4. Baro<br>5. Tapis<br>6. Saya<br><br>Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo. Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin, dagdagan o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas maunawaan ng mga mag-aaral (Kontekstuwalisasyon). |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin<br>(Aims)</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Ang mga mag-aaral ay isasagawa ang pagsusuri ng mga larawan at sagutin ang mga katanungan.<br><br>Ang larawan ay hango sa:<br><br>Ang larawan ay hango sa:</td>
<td>Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | https://flic.kr/p/4jUPwb https://images.app.goo.gl/yUVf133YKMc8ohwR6<br><br>1. Anong estruktura ang nasa larawan?<br>2. Nakakita na ba kayo ng ganyang panahanan sa personal? Ilarawan ito.<br>3. Paano naaayon ang tahanang ito sa pamumuhay at lugar na kinabibilangan ng mga Pilipino?<br>4. Magbigay ng mga paraan paano pa mapagyayaman ang kultura ng paggamit ng ganitong tahanan hanggang sa kasalukuyang panahon.<br>5. Ano ang masasabi mo sa ipinamalas ng mga Pilipino sa pakiki-angkop sa klima o panahon sa pagdisenyo ng kanilang tirahan na siya namang bahagi ng kalinangang bayan na tumatayo bilang isa sa pagkakakilanlanng bansang Pilipinas?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 3. PUNAN MO AKO! (Susing Salita ng Aralin)**<br>**Panuto:** Buoin mo ang mga salita ayon sa paglalarawan ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel.<br><br>1. **B _ H _ Y K _ _ O**<br>Ang katutubong tirahan ng mga Pilipino na yari sa mga materyales na madaling matagpuan sa kalikasan.<br><br>2. **T _ O P _ K _ L**<br>Tumutukoy sa klima na nararanasan sa bansang Pilipinas.<br><br>3. **A _ K _ T _ K T _ R A**<br>Ito ay tumutukoy sa agham at sining ng pagdisenyo ng tirahan o gusali.<br><br>4. **D _ N _ D _ NG**<br>Bahagi ng katutubong tirahan na yari sa kahoy, pawid, anahaw o biniyak na kawayan (sawali).<br><br>5. **B _ T _ L _ N**<br>Matatagpuan sa likuran ng bahay na nagsisilbing hugasan ng mga kagamitan. | Susi sa Pagwawasto<br>1. BAHAY KUBO<br>2. TROPIKAL<br>3. PARIHABA<br>4. DINGDING<br>5. BATALAN |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** ***(Tasks and Thought)*** | **Ikalawang Araw**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa:**<br>**KONSEPTO 1: Kalinangang Bayan tungkol sa Arkitektura**<br>**1. Bahay – Kubo bilang batayan ng Arkitekturang Pilipino**<br><br>Ang panirahan ng sinaunang Pilipino ay nakabatay sa impluwensiya ng heograpiya nito. Sila ay umasa sa likas na yaman na kanilang nakukuha sa kapaligiran kaya naman doon na rin sila naninirahan. May mga nanirahan malapit sa tabing-ilog at mga baybayin na kung saan ay higit na mas mabilis silang makapaglalakbay kaysa sa bako-bakong daan.<br><br>May mga sinaunang Pilipino ring nanirahan sa mga sa mga kagubatan, yungib at kabundukan na kalimitang magkakalayo. Ayon sa mga arkeologo, nahukay ang mga iba't ibang kagamitan kalapit ng kanilang mga labi gaya ng kagamitang bato at mga buto ng kinatay na hayop, Maaaring pinili nila ang mga lugar na ito dahil na rin sa mas ligtas para sa kanila at pinagkukunan rin nila ng kanilang mga pagkain.<br><br> | |





*Ang larawan ay hango sa:*
https://www.elaput.org/tabn01.htm

**Estilo at Estruktura ng mga Sinaunang Tirahang Pilipino**

**Silungan**

Sa pagdaan ng panahon, lumikas at nabawasan ang mga nanirahan sa mga kweba o yungib at lumipat sila sa kapatagan. Doon ay nangalap sila ng mga materyales na sagana sa kanilang paligid at nagtayo sila ng kanilang silungan.

Mayroong dalawang uri ng silungan, ito ay ang *Lean – to* at ang Double – *Sided Lean – to.*





**Lean – to**
*Ang larawan ay hango sa:*
https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/a/a1/Negrito_people_in_a_lean-to_shelter._Image_from_page_94_of_%22The_Philippine_Islands%22_%281899%29.jpg

**Double – Sided Lean – to**
*Ang larawan ay hango sa:*
https://www.delahyde.com/lubang/imagesl_2016/Mangyan_Village_elevated_shelter_M.jpg

**Tirahan sa Punongkahoy**

Ang iba sa mga ninuno natin ay piniling manirahan sa mga sanga ng matataas na puno at doon gumawa ng bahay. Ang karaniwang ginagamit bilang bubong nito ay nipa o kugon, yari naman sa kawayan ang dingding nito at ang sahig naman ay mula sa itinaling mga ratan.

**Tahanan sa punongkahoy**

*Ang larawan ay hango sa:*

https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQy2igWpuWw4gvgn-r0s1LahEEj8-gYskFXJw&s



**Ang Bahay sa Baybay-dagat**

Ang ibang bahay naman na itinayo ay nakaangat sa tubig kung titingnan sa mga baybayin ng dagat. Ang mga tahanang ito ay karaniwang mayroon lamang na isang palapag at ang sahig ay pawang may mga siwang upang

mas madali sa mga nakatira dito ang paglilinis. Maraming makikitang ganitong uri ng tahanan sa Sulu at Zamboanga.



**Tahanan sa Baybay-dagat**

*Ang larawan ay hango sa:*

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/7/72/Bajau_Laut_Pictures_2.jpg

**Ang Bangkang Tirahan**

Sari-sari ang mga disenyo, laki at mga anyo ng mga bangkang tirahan sa dagat ng mga sinaunang Pilipino. Pawang yari sa kahoy at kawayan ang mga ito at mayroon ring mga kagamitan gaya ng layag, lampara, lutuan, plato, banig, unan at sisidlan ng tubig. Mas nagiging maliwanag at presko ang pananatili dito sapagkat mayroon rin itong mga bintana bukod sa pintuan.



**Ang Bangkang Tirahan**

*Ang larawan ay hango sa:*

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/9/9b/Bajau_Laut_Pictures_6.jpg

**Ang Bahay-kubo**

Katutubong tirahan ng mga Pilipino. Ito ay yari sa mga materyales na madaling makita sa kalikasan gaya ng malalaking kahoy para sa haligi nito. Gawa sa

kugon o nipa ang mga bubong nito at ang dingding naman ay yari sa kawayan at pawid.

Naaangkop ang bahay kubo sa kalakhan ng parte ng ating bansa sapagkat tropikal ang klima ng Pilipinas. Naging mainam ang tirahang ito sapagkat napapangalagaan nito ang mag-anak mula sa mainit na panahon habang pinapanatili na presko ang loob ng tahanang ito.



*Ang larawan ay hango sa:* https://flic.kr/p/4jUPwb





*Ang larawan ay hango sa:* https://images.app.goo.gl/yUVf133YKMc8ohwR6

2. **Pagpapahalaga sa kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas**

Isa ang Pilipinas sa mga bansang mayroon napakayamang kultura dahil sa mga natatanging kaugalian at tradisyon mula noon hanggang ngayon. Nasasalamin ang kultura sa mga taong naninirahan sa isang bansa kung saan ang kultura ay isa sa mga daan na nagbubuklod at gumagabay sa ating mga Pilipino. Kaya naman ang mga mahahalagang parte ng ating kultura ay hindi dapat kalimutan bagkus ay dapat na isabuhay, pahalagahan at pagtibayin dahil ito ang nagpapakilala sa ating pagka-Pilipino.

Ang salitang “kalinangan” ay nangangahulugang mga kaparaanan ng tao sa pamumuhay. Ang pangkalahatang kultura na kinagisnan na ng mga tao na nagiging pagkakakilanlan sa ginagalawang pamayanan ay tumutukoy naman sa kalinangang bayan. Napapaloob rin dito ang mga kaisipan, kaugalian, sining, kagamitan, tradisyon, musika, tradisyon, pananamit, panahanan, wika at iba pang aspeto ng buhay ng isang tao sa isang bansa.

Ilan sa mga kalinangang bayan ng ating bansa ay ang pagdiriwang ng pista gaya ng Sinulog Festival sa Cebu at pagdaraos ng mga Muslim ng ramadan maging ang iba pang kulturang masasabing natatangi.

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagpapahalaga sa kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas**<br><br>Mag-aral ng mabuti upang matutunan natin ang pinagmulan ng ating pagkakakilanlan at para malaman natin paano ito umunlad paglipas ng panahon.<br><br>Sumali sa mga gawain kultural o mga paligsahan. Ang patuloy na paggamit sa kulturan na kasanayan at talento upang maitanghal ang ating angking kalinangan.<br><br>Sumali sa mga samahang nagpapayabong ng pagsulong ng ating kultura. | |



Pagpapanatili, pagsasabuhay at pagsunod sa mga kaugalian at tradisyon ay pinakamagandang paraan ng pagtataguyod ng ating pambansang kalinangan.



Pangangalaga sa mga lugar na siyang nagtatanghal ng ating mayamang kultura. Tungkulin ito ng bawat isa upang mapanatili at matunghayan pa ng mga susunod na henerasyon.



Pagkilala sa mga selebrasyon at pagmamalaki sa mga gawi ng mga bayani, ninuno at ng mga kapwa Pilipino na maaaring gayahin at gawing modelo ng bawat isa.

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**


***Gawain 4.*** **TAMA o MALI**

Panuto: Isulat ang T sa patlang kung tama ang ipinapahayag sa pangungusap. Kung mali, palitan ang salitang nakasalungguhit upang gawing wasto ang pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang

_________________________ 1. Ang mga <u>yungib o kweba</u> ay isa sa mga sinaunang panahanan ng ating mga ninuno.

_________________________ 2. Nanirahan ang mga tao sa mga lugar kalapit kung saan maaaring makakuha sila ng mga pagkain mula sa <u>kalikasan</u>.

_________________________ 3. Ayon sa mga arkeologo, natagpuan ang mga labi ng mga sinaunang Pilipino <u>kalapit</u> ng mga kagamitang bato at mga buto ng kinatay na hayop.

| | | |
|---|---|---|
| | ___________________________ 4. Ilan sa mga mga yungib na pinanirahan ng mga sinaunang Pilipino ayon sa mga arkeologo na ay matatagpuan sa Callao ng Cagayan, Bato sa Sorsogon, Puyong at Tabon sa Mindanao.<br>___________________________ 5. Dalawa ang uri ng sinaunang silungan na itinayo ng mga sinaunang Pilipino, ang Lean to at double sided lean to.<br>___________________________ 6. Bahay-kubo ang katutubong tirahan ng mga Pilipino na yari sa mga materyales na madaling matagpuan sa kalikasan.<br>___________________________ 7. Ang bangkang tirahan ay tirahan sa dagat na nakadisenyong makapamuhay ng matagal na panahon sa mga laot o baybayin.<br>___________________________ 8. Ang mga bahay sa baybay-dagat ay pawang mga nakaangat sa katubigan at nagkakaugnay-ugnay ang mga ito sa pamamagitan ng mga tulay at makikita sa Sulu at Zamboanga.<br>___________________________ 9. Ang mga tirahan sa punongkahoy ay inilagay sa mga sanga ng matataas na punongkahoy.<br>___________________________ 10. Naaangkop ang bahay kubo sa kalakhan ng parte ng ating bansa sapagkat tropikal ang klima ng Pilipinas.<br><br>**Gawain 5. HINTO-TIYAKIN-ALAMIN (#Dapat Alam Mo)**<br>**Panuto:** Ibigay ang mga sumusunod na kasagutan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br><br>• Ano-anong estilo at disenyo ng mga sinaunang panahanan ng ating mga ninuno?<br>• Bakit kaya iba't iba ang mga uri ng tirahan ng ating mga ninuno?<br>• Nakikita parin bas a kasalukuyan ang mga estilong ito?<br>• Paano nakaaapekto ang heograpiya o lokasyon ng ating mga ninuno sa kanilang mga estilo ng panahanan?<br>• Ano ang pinakamainam na sinaunang estilo ng panahanan na makikita sa kalakhang bahagi ng ating bansa dahil ang Pilipinas ay isang tropikal na bansa? Ilarawan ang mga katangian nito kung bakit naaangkop ito sa Pilipinas.<br>**Ikatlong Araw**<br>**2. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 6. TAHANAN MO, IGUHIT MO** | |

**Panuto:** Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay guguhit ng itsura ng nais nitong maging tahanan sa kasalukuyan sa loob ng kahon. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba upang makumpleto ang paglalarawan.

- Ilang palapag mayroon ito?
- Saan ka madalas nakakapagpahinga rito bukod sa iyong silid-tulugan?

| | | |
|---|---|---|
| | • Ano ang iba pang katangian ng iyong tahanan na sa palagay mo ay may pagkakatulad sa katangian ng mga sinaunang estilo ng panahanan ng ating mga ninuno?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>_________________________________. | |
| **D. Paglalahat** ***(Abstractions)*** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**A-B-C (Talaan ng Karunungan):** Sa bahaging ito, itatala ng mga mag-aaral. Gawing gabay ang makikitang tsart. | Ang kasagutan ay ayon desisyon at paganalisa ng guro kung anong marka ang ibibigay. (Answers may vary) |

| RUBRIK SA PAGMAMARKA NG TAHANAN | | |
|---|---|---|
| Pamantayan | Puntos | Nakuhang Puntos |
| Ang guhit na ipinakita ay makatotohanan at nakabatay mga napag-aralan at mga karagdagang kaalalaman. | **5** | |
| Ang guhit ay angkop sa pangangailangan. Malinaw na naipakita ang tahanan. | **5** | |
| Orihinal at natatangi ang paraan at estilo na ginamit sa pagguhit. | **5** | |

| A. Bagay na natutuhan sa aralin | B. Ideyang nalinawan ka mula sa dati mong nalalaman dito | C. Bagay na naranasan mo na may ugnayan sa aralin |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **1** ____________________ ____________________ **2** ____________________ ____________________ **3** ____________________ ____________________ | **1** ____________________ ____________________ **2** ____________________ ____________________ **3** ____________________ ____________________ | **1** ____________________ ____________________ _ **2** ____________________ ____________________ _ **3** ____________________ ____________________ __ |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**ISIP-ISIP (#palawiginangkaisipan):** Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay bubuuin ang mahalagang kaisipang ito ayon na rin sa mga nagdaang natalakay. Maaring pumili ng sagot sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| panahon | - bansa |
| - Pilipino | |
| kalinangang bayan | - maipagmalaki |
| - maunawaan | |


Mahalaga na malaman mo na ang ________________________ ng ating bansa ay makulay at mayaman. Ito ay dapat mapanatili kahit sa paglipas ng __________________ at sa kabila ng mga banta o hamon. Bilang _________________, nararapat mong suriin ang kultura ng iba't ibang pangkat ng mga tao upang ___________________ at __________________ ang yamang mayroon tayo sa ating bansa.

**PANGAKO KO, TUTUPARIN KO! (#pangakongdimapapako):** Sa bahaging ito, ang

| | | |
|---|---|---|
| | mga mag-aaral ay bubuuin ang kanilang mga pangako na maaaring matagpuan sa kahon.<br><br>isasabuhay<br>pagyayamanin - mga guro<br>kaugalian - maipagmalaki<br>- payo<br><br>Ako si ________________________________________ bilang isang bahagi ng makabansang mamamayan ay nangangakong _________________________ ang kalinangang bayan nating mga Pilipino. Aalamin ko ang mga __________________________, katutubong sayaw, awit at maging mga laro. Isasagawa o ____________________ ko ang magagandang ______________________. Makikinig ako sa mga ____________________ ng aking mga magulang at nagtitiwala akong gagabayan rin ako ng aking __________________ at mga kapwa ko Pilipino. | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br><br>**1. Pagsusulit**<br>A. Panuto: Suriin ang mga sumusunod na larawan at piliin ang titik ng wastong sagot mula sa hanay B upang matukoy kung anong uri at estilo ng panahanan ito.<br><br>HANAY A HANAY B<br><br>__________1.  A. Bahay-kubo<br><br> | Susi sa pagwawasto:<br>1. Bahay sa Baybay-dagat<br>2. Tirahan sa Punongkahoy<br>3. Silungan<br>4. Bangkang Tirahan<br>5. Bahay-kubo |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________2. B. Bangkang Tirahan<br><br>C. Tirahan sa Punongkahoy<br><br>____________3. <br>D. Silungan *(Double Sided Lean to)*<br><br>____________4. <br>E. Bahay sa baybay-dagat<br><br>____________5. <br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin** | Ang kasagutan ay ayon desisyon at pag-analisa ng guro kung anong marka ang |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Panuto: Ilahad ang iyong palagay sa kung paano mo pa mas mapapahalagahan ang kalinangang bayan na iyong natutunan mula sa mga nakaraang talakayan.<br></td><td>ibibigay. (Maaaring iba’t iba ang sagot)</td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Ever Bryan A. De Asis*** | ***Sinuri ni: Dr. Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: DepEd Valenzuela – Canumay East Elementary School*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |